Kabanata 12

# Trabaho

Ang batas sa trabaho sa bansang Japan ay hindi lamang sa mga Hapones kundi pati na rin sa mga dayuhang manggagawa ng bansa, kasama na dito ang Pangunahing Batas para sa Trabaho, Batas para sa minimum na sahod, Batas para sa Insyurans sa Kabayaran ng mga naaksidenteng manggagawa at ang Batas para sa Pantay na Oportunidad.

## 1 Trabaho at estado ng paninirahan

**[Sumangguni sa] Foreign Resident Comprehensive Information Center (English, Chinese, Hangul, Spanish)**
**☎0570-01-3904 (IP, PHS, Overseas ☎03-5796-7112)**
Lunes hanggang Biyernes 8:30 a.m. - 5:15 p.m.

Ang mga dayuhan ay maaring magkaroon ng kahit na anong klaseng trabaho kapag ito ay may estado ng paninirahan. Kung nais magtrabaho sa Japan, bilang isang dayuhan, kinakailangan mong malaman kung ikaw ay maaaring magtrabaho batay sa katayuan o estado ng paninirahang mayroon ka. Kung ikaw ay may ilegal na trabaho, ikaw ay maaaring paalisin ng bansa . Ang kumpanya o amo ng ilegal na nagtatrabaho ay maaaring makulong o pagmultahin. Maaaring kontakin ang Foreign Resident Comprehensive Information Center para sa impormasyon tungkol sa katayuan ng paninirahan.

## 2 Paghahanap ng trabaho

**[Sumangguni sa] (1) Public Placement Office (Hello-work)**
**① Hello Work Omori ☎03-5493-8609**
Lunes hanggang Biyernes 8:30 a.m. - 5:15 p.m.
**② Kamata Work Plaza ☎03-5711-8609**
Martes at Biyernes 9:00 a.m. - 7:00 p.m.
Lunes, Miyerkules at Huwebes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
Sabado (2nd, 4th) 10:00 a.m. - 5:00 p.m.
**(2) Tokyo Foreign Workers Employment Service Center ☎0570-011000**
Suportadong lenggwahe: English
Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.

Gamitin ang mga serbisyo sa Hello Work kapag naghahanap ng trabaho sa Japan.

## 3 Konsultasyon para sa isyu ng trabaho

**[Sumangguni sa] Tokyo Trabaho Consultation and Information Center**
**☎0570-00-6110**
**Suportadong lenggwahe: English (☎03-3265-6110), Chinese (☎03-3265-6110)**
Lunes hanggang Biyernes 9:00 a.m. - 5:00 p.m.
(English Lunes hanggang Biyernes 2:00 p.m. - 4:00 p.m. ,

Chinese Martes, Miyerkules, Huwebes 2:00 p.m. - 4:00 p.m. )

Ang Tokyo Metropolitan Labor Consultation Information Center ay sumusuporta ng konsultasyon tungkol sa sahod, bayad sa pagkatanggal at iba pang mga kondisyones sa pagtatrabaho at kasama na rin ang lahat ng mga usapin ukol sa pagtatrabaho kasama ang relasyon ng trabahador at amo.

**[Sumangguni sa] Tokyo Trabaho Bureau - Foreign Trabaho Consultation Hot Line(English, Chinese, Portuguese, Spanish, Tagalog, Vietnamese)**
**☎0570-001701 (English Lunes hanggang Biyernes)**
**☎0570-001702 (Chinese Lunes hanggang Biyernes)**
**☎0570-001703 (Portuguese Lunes hanggang Biyernes)**
**☎0570-001704 (Spanish Lunes hanggang Biyernes)**
**☎0570-001705 (Tagalog Lunes hanggang Biyernes)**
**☎0570-001706 (Vietnamese Lunes hanggang Biyernes)**
**☎0570-001707 (Burmese Lunes)**
**☎0570-001708 (Nepalese Lunes hanggang Huwebes)**
**☎0570-001709 (Hangul Huwebes at Biyernes)**
**☎0570-001712 (Thai Miyerkules)**
**☎0570-001715 (Indonesian Miyerkules)**
**☎0570-001716 (Cambodian (Khmer) Miyerkules)**
**☎0570-001718 (Mongolian Biyernes)**
10:00 a.m. - 3:00 p.m. ※Sarado sa 12:00 noon - 1:00 p.m.

Ang Tokyo Labor Bureau ay nagbibigay konsultasyon para sa mga kondisyones ng pagtatrabaho para sa mga dayuhang nagtatrabaho sa Japan.

## 4 Insyurans para sa kabayaran ng mga naaksidenteng manggagawa

**[Sumangguni sa] Ota Trabaho Standards Inspection Office**
**☎03-3732-0174**
Lunes hanggang Biyernes 8:30 a.m. - 5:15 p.m.

Ang panukala sa insurance na ito ay naglalayuning ma- protektahan ang mga manggagawa sa oras na sila ay mapinsala, kung sila ay nagkasakit habang nagtratrabaho o habang sila ay bumabyahe patungo sa trabaho. Kung sila ay mamatay sa aksidente, ang mga nakaligtas ay binibigyan ng mga kabayarang benepisyo. Ang insurance na ito ay para sa mga pansamantalang nagtratrabaho (part-timer) at sa mga dayuhang manggagawa. Sumangguni sa Labor Standards Inspection Office tungkol dito.

## 5 Insyurans sa Trabaho

**[Sumangguni sa] pinakamalapit na Hello Work** (P.94)

Ang insurance sa pagtratrabaho ay isang pampublikong programa upang mabigyan ang mga manggagawa ng sapat na benepisyo para sa pagtatatag ng kanilang kabuhayan at upang mapadali ang paghahanap ng trabaho.

Para sa karagdagang impormasyon, kontakin ang opisina ng Hello Work sa inyong lugar, kasama na din kung paano mag-aplay at tumanggap ng mga benepisyo.